# QC, bibili na rin ng bakuna

Balita · 7 Jan 2021 · 1 · Minka Klaudi Tiangco

Nagpasya na rin ang Quezon City government na bumili ng bakuna kontra coronavirus disease 2019 (COVID-19).

Ito ay nang pumirma ng kasunduan si Mayor Joy Belmonte sa British-Swedish pharmaceutical company na AstraZeneca kung saan isasakatuparan ang paunang pagbili ng 750,000 COVID-19 vaccines na ipamamahagi ng libre sa mga residente lamang ng lungsod.

Gayunman, inaasahang mapakikinabangan lamang ito ng aabot sa 375,000 residente dahil tig-dalawang beses silang matuturukan nito upang maging epektibo ito.

Nitong nakaraang Disyembre, inihayag ng lokal na pamahalaan ng lungsod na naglaan na sila ng P1 bilyon para sa pagbili ng bakuna, personal protective equipment (PPE) sets, at iba pang pangangailangan sa vaccination program nito.

Sa pahayag ng alkalde, uunahin nilang bakunahan ang
10,000 health workers, 300,000 senior citizens, 20,000 matatandang may kapansanan, at iba pang priority sectors alinsunod na rin sa rekomendasyon ng World Health Organization.